TAGALOG

# Kaligtasan na Plano para sa mga Naabusong Imigrante

**Safety Plan for Abused Immigrants**

### Para sa tao na kasalukuyang nasa panganib, ngunit *hindi kasama* ang marahas na pareha

1. Tawagan ang 911.
2. Gumawa ng mga ilang kopya ng iyong TRO. Itago ang isang kopya na nasa iyo at itago ang ibang kopya sa ligtas na lugar.
3. Layuan ang iyong pareha.
4. Kung kailanganing makipag-usap, hindi maaring mag-isa kang makiharap sa bumugbog (batterer) sa iyo.
5. Itago ang iyong mga papeles para sa imigrasyon sa ligtas na lugar.
6. Sabihin sa kapit-balay, kaibigan o miembro ng pamilya tungkol sa abuso.
7. Tawagan ang programa ng sambahayan na nakaranas ng karahasan (domestic violence) o nagahasa (sexual assault) at humingi ng tulong.
8. Alamin ang iyong mga karapatan. Humingi ng tagasalin (interpreter) kung kailangan mo ito.

### Para sa tao na kasalukuyang nasa panganib, at *kasama* ang marahas na pareha

1. Tawagan ang 911. Turuan ang iyong mga anak na tawagan ang 911 at ipaalam mo sa kanila na OK ang tumawag.
2. Itago ang naimpakeng maleta ng mga kagamitan na nakahanda at madaling damputin.
3. Unahin mong paghandaan ang lugar na maari mong puntahan kung kailangan mong tumakas.
4. Itago ng lihim ang kaunting pera at ito ay nasa hawak mo.
5. Itago ang mga importanteng dokumento, katulad ng iyong pasaporte, "berdeng" tarheta, sertipiko ng iyong kapanganakan at permiso para magtarabaho, tarheta na magpahintulot ng iyong pagtarabaho na naimpake at nakatago sa ligtas na lugar. Maari mo ring itago ang mga kopya ng importanteng dokumento sa mapagkatiwalaan na kaibigan sakaling kailanganin ang mga ito kung may emerhensya.
6. Sabihin sa kapit-bahay, kaibigan o miembro ng pamilya tungkol sa abuso.
7. Tawagan ang programa ng sambahayan na nakaranas ng karahasan o nagahasa at humingi ng tulong.
8. Alamin ang iyong mga karapatan. Humingi ng tagasalin (interpreter) kung kailangan mo ito.

**Na Loio Immigrants Rights and Public Interest Legal Center**
**For immigration questions, call 847-8828 (Oahu) or 1-877-208-8828 (Other islands)**
*Published through a grant from the Office of Violence Against Women, U.S. Department of Justice*